# MGA PANAGHOY



Sinisikap unawain ng mga nananampalataya ang pagkawasak ng Jerusalem at ang kasunod nitong mga kakila-kilabot na mga pangyayari. Hindi sila nagrereklamo. Itinuturing nilang karapat-dapat na kaparusahan ito para sa marami nilang kaguluhan at sa patuloy na pagtanggi sa mga babala ng Diyos. Gayon pa man, alam nilang mahal ni Yawe ang kanyang bayan. Pinaniniwalaan nila ito, nararamdaman, at ipinahahayag.

Nang bumalik sa Jerusalem ang mga itinapon, malamang na nagtipon sila para manalangin nang sama-sama sa guho ng dating Templo at halinhinan nilang binigkas ang mga panaghoy na ito. Pagkatapos, ipinagpatuloy nila ang pagdarasal nito taun-taon sa petsa ng malaking kapahamakang iyon. At nang lumaon, nakaugalian na ng Simbahang gamitin ang mga Panaghoy para gunitain ang pagkamatay ni Jesus.

Sa Pasyon ng Panginoon, nakikita ng nananampalataya ang pagkakatipon ng mga pagdurusa at dalamhati ng sangkatauhan. Tinutulungan tayo ng mga tulang ito na pagbuklurin sa iisang pagdamay ang mga pagdurusa ni Kristo at ang matinding paghihirap ng napakaraming nagdurusa. Tutulungan din tayo nitong pag-isahin ang pananaw sa paghihirap ng santinakpan at ang kahulugan ng kasalanan at responsibilidad ng tao.

Ipinapalagay ng isang tradisyon ng mga Judio na galing kay Jeremias ang mga tulang ito. At nalalahad nga sa mga ito ang isang diwa na katulad ng sa kanya.

**Unang Panaghoy**

1 [1]At bakit nakaupong mag-isa ang lunsod na dating puno ng tao!
Katulad na ng isang balo ang naging dakila sa mga bansa!
Naging isang nasasakop
ang prinsesa ng mga lunsod.
[2]Buong pait siyang umiiyak sa gabi,
may luha sa kanyang mga pisngi;
walang umaliw sa kanya
ni sa kanyang mga mangingibig;
pinagtaksilan siya ng lahat niyang kaibigan,
naging mga kaaway niya sila.
[3]Naitapon at nasupil ang Juda
matindi ang pagkaalipin sa kanya;
nananahan siya sa piling ng mga pagano,
at wala siyang mapagpahingahan.
inabot siya ng mga humahabol sa kanya
sa gitna ng sarili niyang lupain.
[4]Nagluluksa ang mga daang patungo sa Sion
dahil walang dumalo sa kapistahan
mapanglaw ang kanyang mga pintuan,
dumaraing ang mga pari,
malungkot ang kadalagahan
at siya'y nasa kapighatian.
[5]Nanguna ang kanyang mga kalaban,
nagtagumpay ang kanyang mga kaaway,
sapagkat pinapagdusa siya ni Yawe
dahil sa dami ng kanyang kasalanan;
itinapon ang mga anak niya,
naging mga bihag sa harap ng kaaway.
[6]Naparam mula sa dalaga na Sion
ang lahat ng kanyang kamaharlikahan.
Naging tulad
ng mga usang di makapanginain
ang kanyang mga prinsipe;
naglalakad silang walang lakas
sa harap ng umuusig.
[7]Naaalaala ng Jerusalem
sa mga araw ng kanyang kapighatian at kapaitan
ang dating mahahalagang bagay niya
Ibinigay ang kanyang bayan sa kamay ng kalaban
at walang tumulong sa kanya,
nakikita siya ng kanyang kalaban,
pinagtawanan ang kanyang pagbagsak.

[8]Mabigat ang pagkakasala ng Jerusalem,
nagkasala siya't naging kasuklam-suklam
Humahamak sa kanya ang mga pumupuri noon,
nakita nga nila ang kanyang kahubaran;
Oo, nanaghoy siya
at palayong ibinaling ang kanyang mukha.

[9]Nasa kanyang damit ang kanyang karumihan;
hindi niya alintana ang kanyang wakas;
malagim ang kanyang pagbagsak
at walang umaaliw sa kanya.
"O Yawe, masdan mo ang aking kapighatian,
pagkat nagtagumpay ang kaaway!"

[10]Nakaunat ang mga kamay ng kaaway
sa lahat niyang kayamanan;
sa paningin niya'y
pumasok sa kanyang dalanginan
ang mga pagano
na pinagbawalan mong pumasok
sa iyong kalipunan.

[11]Nananaghoy ang buong bayan niya
habang sila'y naghahanap ng tinapay;
ipinagpalit nila ng pagkain ang mga alahas nila
para manauli ang kanilang lakas.
"Tingnan mo, O Yawe, at masdan,
pagkat ako ay hinamak."

[12]Masdan at tingnan
kayong lahat na dumaraan,
kung may sakit na tulad ng aking dinaranas,
na ipinabata sa akin ni Yawe
sa araw ng kanyang nagngangalit na poot.

[13]Nagpadala siya ng apoy mula sa kaitaasan
at pinababa ito sa aking mga buto;
nag-umang siya ng silo sa aking mga paa;
pinatalikod niya ako;
iniwan akong nagugulumihanan,
nanghihina sa buong maghapon.

[14]Pinanood niya ang aking mga sala
at ikinabit na sama-sama sa kanyang kamay;
iniatang ang isang pamatok sa aking leeg;

pinapanghina niya ang aking lakas;
ibinigay ako ng Panginoon sa mga kamay
ng mga taong di ko masusuway.

15 Hinamak ng Panginoon
ang lahat ng magigiting na nasa piling ko;
tumawag siya ng kapulungan laban sa akin
para durugin ang aking mga kabataan
niyapakan niya na parang pinisang ubas
ang dalaga ng Juda.

16 Kaya ako'y nananangis,
sa mga mata ko'y tumutulo ang luha;
pagkat malayo sa akin ang aaliw
na magbabalik sa aking lakas;
namamanglaw ang aking mga anak,
sapagkat nanaig ang kaaway.

17 Iniunat ng Sion ang kanyang mga kamay,
ngunit walang umaaliw sa kanya;
nag-utos si Yawe laban kay Jacob
sa kanyang mga kalaban sa paligid,
kinasuklaman nila ang Jerusalem.

18 Matuwid si Yawe
sapagkat sumuway ako sa kanyang salita.
Ngunit makinig kayong lahat ng bansa
at masdan ang aking sakit.
Umalis na bihag ang aking kadalagahan
at kabinataan.

19 Tumawag ako sa aking mga mangingibig
ngunit pinagtaksilan nila ako;
nangasawi sa lunsod
ang aking mga pari at matatanda
habang naghahanap sila ng pagkain
para mapanumbalik nila ang kanilang lakas.

20 Masdan mo, O Yawe ang aking kapighatian
naliligalig ang aking kaluluwa;
ang puso ko'y nababagabag,
pagkat naging mapaghimagsik ako.
Namuksa ang tabak sa daan,
sa loob ng bahay ay pawang kamatayan.

21 Dinggin mo ang aking daing;
walang umaaliw sa akin.
nabalitaan ng mga kaaway ang aking pagkaligalig.
at nagalak silang lahat sa iyong ginawa.
Sumapit nawa ang araw na ipinahayag mo
at matulad sila sa akin.

22 Malagay nawa sa harap mo ang lahat nilang sala;
at gawin mo sa kanila
ang ginawa mo sa akin
dahil sa aking mga pagsalansang;
Sapagkat marami ang aking mga daing
at ang puso ko ay mahina.

**Ikalawang panaghoy**

2 1 Pinadilim ng Panginoon sa kanyang galit
ang dalaga na Sion!
Mula sa langit ay inihagis niya sa lupa
ang dangal ng Israel!
hindi niya nagunita ang tuntungan ng kanyang mga paa
sa araw ng kanyang poot.

2 Walang awang winasak ng Panginoon
ang lahat ng tirahan ni Jacob;
pinaguho niya sa kanyang poot
ang mga kuta ng dalaga na Juda;
pinabagsak niya at nilapastangan
ang pagkahari at ang namumuno.
3 Sa matinding galit ay iginupo niya
ang lahat ng lakas ng Israel;
binawi niya ang kanyang kanang kamay
sa harap ng kaaway;
sinindihan niya sa Jacob ang isang liyab
at inubos nito ang lahat ng paligid.
4 Iniumang niya ang kanyang busog na parang isang kaaway,
itinuon ang kanang kamay na tulad ng isang kalaban;
at nilipol niya ang lahat ng minamahal
sa tolda ng dalaga na Sion;
ibinuhos ang kanyang galit na parang apoy.

5 Katulad ng isang kaaway si Yawe
sa pagwawasak niya sa Israel;
giniba niya ang lahat ng palasyo,
iginuho ang mga kuta;
at tinigib niya ng panangis at panaghoy
ang dalaga na Juda.

6 Winasak niya ang bakod na gaya ng sa hardin,
iginuho ang lugar ng pagtitipon;
Tinapos ni Yawe sa Sion
ang kanyang mga kapistahan at araw ng pahinga,
at tinanggihan niya sa matinding galit ang hari at pari.

7 Tinalikdan ng Panginoon ang kanyang altar,
itinakwil ang kanyang dalanginan;
ibinigay niya sa kamay ng kaaway
ang pader ng kanilang mga palasyo;
nagsigawan sila sa bahay ni Yawe
na waring araw ng kapistahan.

8 Ipinasya na ni Yawe na wasakin
ang pader ng dalaga na Sion;
ginawa niya iyon kapantay ng lupa
hindi niya inalis ang kanyang kamay
hanggang makapangwasak;
ginawa niyang malumbay ang kuta at muog;
na kapwa bumagsak.

9 Nabuwal sa lupa ang kanyang mga pintuan,
sinira at dinurog ang kanyang mga pansara;
itinapon sa mga bansa ang kanyang hari at mga prinsipe;
hindi na tumanggap ang mga propeta
ng isang pangitaing mula kay Yawe.

10 Nakaupo sa lupa at wala nang imik
ang mga matatanda ng dalaga na Sion;
naglagay sila ng alabok sa kanilang ulo
at nagdamit ng sako;
nakayuko naman ang kadalagahan ng Jerusalem.

11 Namumugto ang mga mata ko sa pagiyak;
ligalig ang aking kaluluwa;
bumugso sa pamimighati ang aking atay
dahil sa pagkawasak ng aking bayan,
sa panlulupaypay ng mga bata at mga sanggol
sa mga lansangan ng lunsod.

12 Tumatawag sila sa kanilang mga ina,
"Nasaan ang tinapay at alak?"
habang walang malay silang parang mga sugatan
sa mga kalye ng lunsod,
at napupugto ang kanilang buhay
sa kandungan ng kanilang mga ina.

13 Kanino kita itutulad o ihahambing,
O anak na babae na Sion?
Kanino kita itutulad para maaliw kita,
O anak na dalaga na Sion?
Sapagkat sinlawak ng dagat ang iyong kasiraan;
sino ang makakalunas sa iyo?

14 Inihula sa iyo ng mga propeta ang mali
at mapanlinlang na mga pangitain;
hindi nila inilantad ang iyong kasamaan
para mapanatili ang iyong kapalaran,
sa halip ay pinapaniwala ka
ng di totoo at nakakalinlang.
15 Pumapalakpak sa iyo
ang lahat ng nagdaraan;
nanlilibak sila at iniiling ang ulo
sa dalaga na Jerusalem;
"Ito ba ang lunsod na tinawag
na huwaran ng kagandahan,
katuwaan ng buong lupain?"

16 Iniismiran ka ng mga kaaway mo;
nanlilibak sila, nagngangalit ang kanilang mga ngipin,
ipinagmalaki nila: "Nalamon na namin siya!
A, ito ang araw na pinakahihintay natin,
ngayon ay atin na; nakita na natin!"

17 Tinupad ni Yawe ang kanyang balak,
isinagawa ang kanyang banta
na kanyang itinakda nang unang panahon,
nangwasak siya nang walang habag;
nagawa niyang pagtawanan ka ng kaaway
at manaig ang lakas ng iyong mga kalaban.

18 Dumaing ka nang malakas sa Panginoon
O pader ng dalaga na Sion!
Dumaloy ang iyong mga luha
na tulad ng agos sa araw at gabi!
Huwag kang manahimik,
at huwag mong patuyuin ang iyong mga mata!

19 Bumangon, sumigaw ka sa gabi
at sa simula ng mga pagbabantay!
Ibuhos mong gaya ng tubig ang iyong puso
sa harap ng Panginoon!
Itaas mo sa kanya ang iyong mga kamay
alang-alang sa iyong maliliit na bata.
na nanghihina sa gutom
sa bungad ng bawat kalye.

20 Tingnan mo, O Yawe, at masdan!
Sino ang ginawan mo nang gayon?
Kakanin ba ng mga babae ang kanilang supling,
ang mga batang inalagaan nilang mabuti?

Tama bang patayin ang pari at propeta
sa dalanginan ni Yawe?

21 Sa alabok ng mga kalye
nakabulagta ang mga bata at matatanda;
nasawi na ng tabak;
ang aking kadalagahan at kabinataan –
pinatay mo sila sa araw ng iyong poot
walang awa mo silang nilipol.

22 Tinawag mong maringal
ang iyong mga kilabot sa bawat dako;
Walang nakatakas at nakaligtas
sa araw ng galit ni Yawe.
Nilipol ng aking kaaway
ang aking mga inalagaan at pinalaki.

**Ikatlong panaghoy**

3 1 Ako ang lalaking nagdanas ng kapighatian
dahil sa hampas ng kanyang galit;
2 Pinatnubayan niya ako at dinala
sa kadiliman na walang liwanag;
3 sa akin pabalik-balik ang kanyang kamay
sa buong maghapon.
4 Inubos niya ang aking laman at balat,
at binali ang aking mga buto;
5 kinubkob niya ako at pinaligiran
ng kapaitan at pagdurusa;
6 pinatira niya ako sa kadiliman
na parang patay noong unang panahon.

7 Piniit niya ako para di makatakas;
pinabigat niya ang aking kadena;
8 kahit na sumisigaw ako at humihingi ng tulong,
pinigil niya ang aking dalangin;
9 hinadlangan niya ang aking daan
ng mga matatalim na bato
at pinalihis ang aking mga landasin.

10 Para sa akin siya'y isang osong nanambang,
tulad ng isang leong nakatago;
11 hinabol niya ako at niluray nang pira-piraso;
iniwan akong nawasak;
12 Iniakma ang kanyang busog
at ginawa akong tudlaan ng kanyang palaso.
13 Pinatusok niya sa aking gilid
ang kanyang mga palaso;
14 Pinagtawanan ako ng aking sambayanan,
tinutuya nila ako buong maghapon.
15 Pinuspos ako ng kapaitan,
pinalasap ng ahenho.

16 Inginudngod niya ang aking ngipin sa bato,
at inilugmok ako sa mga abo;
17 pinalayo sa kapayapaan ang aking kaluluwa,
nalimutan ko na ang kaligayahan;
18 kaya ang sabi ko: "Wala na ang aking tiwala,
at ang aking inaasam kay Yawe."

19 Ahenho at lason lamang
ang nagpapaalaala sa aking hirap at paggagala.
20 Laging naiisip iyon ng aking kaluluwa
at nanlulupaypay dahil sa akin
21 Ngunit iyon ang aking ginugunita
at ang dahilan ng pag-asa ko:

22 Walang katapusan ang kagandahang-loob ni Yawe,
hindi maubos ang mga awa niya.
23 araw-araw ay bago iyon;
dakila ang kanyang katapatan.
24 "Si Yawe ang aking bahagi" sabi ng aking kaluluwa,
"kaya sa kanya ako umaasa."

25 Butihin ang Panginoon sa mga umaasa sa kanya,
sa mga kaluluwang naghahanap sa kanya.
26 Mabuti ang maghintay na tahimik
sa tulong ni Yawe.
27 Mabuti sa lalaki ang magdala
ng pamatok sa kanyang kabataan.

28 Umupo nawa siyang nag-iisa sa katahimikan
kung iniatang iyon sa kanya ni Yawe;

29 Iduldol niya ang kanyang bibig sa alabok –
maaaring magkaroon pa ng pag-asa;
30 ibigay niya ang kanyang pisngi sa nananakit
at mapuspos ng mga paghamak.

31 Sapagkat siya'y si Yawe
na di magtatakwil magpakailanman,
32 Siya ma'y nagpaparusa pero
nagdadalang-habag pa siya
at masagana ang kanyang mga basbas;
33 hindi siya kusang nagpapahirap
o dumudusta sa mga anak ng tao.

34 Kapag yinuyurakan
ang lahat ng mga bihag sa lupain,
35 Kapag nilalabag ang karapatan ng tao
sa harap ng Kataas-taasan,
36 kapag sinisikil ang tao sa kanyang usapin,
hindi ba nakakakita ang Panginoon?

37 Sino ang nag-utos at natupad iyon,
kundi dahil sa kalooban ng Panginoon?
38 Hindi ba mula sa bibig ng Kataas-taasan
ang mabuti at masama?
39 Ano ang irereklamo ng tao,
na makasalanan man pero nabubuhay pa siya?

40 Subukin natin at suriin ang ating mga kilos
at magbalik kay Yawe!
41 Itaas natin ang ating mga puso at mga kamay
sa Diyos na nasa langit at sabihin nating:
42 "Nagtaksil kami at naghimagsik,
at di mo kami pinatawad.
43 Nagtakip ka ng galit at inusig mo kami,
pinatay nang walang awa;
44 nagtakip ka ng ulap
nang di madinig ang panalangin.
45 Ginawa mo kaming sukal at dumi
sa gitna ng bansa.

46 Nilibak kami ng aming mga kaaway;
47 inabot kami ng ligalig at kapahamakan,
pagkaluray at pagkawasak;
48 umagos ang ilog ng mga luha sa aking mga mata
dahil sa kapahamakan ng aking bayan.

49 Walang pahinga, walang ginhawang darating;
walang tigil, walang hupa
ang pagtulo ng aking mga luha,
50 hanggang tumunghay at tumingin si Yawe
mula sa kalangitan;
51 pinapagdusa ako ng aking mata
sa pagkakita sa kadalagahan ng aking lunsod.

52 Tinugis nila akong tulad ng ibon, mga kaaway ko sila
nang walang dahilan;
53 itinapon nila sa hukay ang aking buhay
at tinabunan ng mga bato;
54 umabot ang tubig sa ibabaw ng aking ulo;
sabi ko: "Wala na ako."
55 Tinawag ko ang iyong pangalan, O Yawe,
buhat sa kailaliman ng hukay;
56 narinig mo ako, huwag mong takpan
ang iyong pandinig sa aking daing at tawag!
57 Nilapitan mo ako nang ika'y tawagin ko
at sabi mo: "Huwag kang matakot!"
58 Ipinagsanggalang mo ang aking usapin,
O Yawe,
tinubos mo ang aking buhay.
59 Nakita mo ang paghahamak sa akin, O Yawe;
hatulan mo ang aking usapin.
60 Tiningnan mo ang kanilang paghihiganti,
ang lahat ng kanilang pakana laban sa akin.
61 Narinig mo ang dusta nila, O Yawe,
ang lahat ng kanilang pakana laban sa akin.
62 Laban sa akin sa buong maghapon
ang mga usapan at balak ng aking mga kaaway.
63 Nakaupo man sila o nakatayo,
tingnan mo't ako ang kanilang tinutuya.
64 Parusahan mo sila, O Yawe,
ayon sa ginawa ng kanilang mga kamay.
65 Patigasin mo ang kanilang mga puso
at mapapasakanila ang iyong sumpa.
66 Usigin mo sila nang may poot at lipulin
sa silong ng iyong mga langit, O Yawe!"

**Ikapat na panaghoy**

**4** 1 Ano't nangitim ang ginto.
Kumupas ang dalisay na ginto.
Bakit, nagkalat ang banal na mga bato
sa bungad ng bawat kalye!

[2] Ang mga anak na lalaki ng Sion
na kasingmahal ng makinis na ginto –
itinuring sila na mga palayok na luwad
na gawa ng isang magpapalayok!

[3] Ang mga tsakal ma'y naglilitaw ng kanilang dibdib
at nagpapasuso ng kanilang maliliit na anak,
ngunit naging malupit ang dalaga ng aking bayan
tulad ng mga abestrus sa ilang.
[4] Nadikit na ang dila ng sanggol
sa ngalangala nito dahil sa pagkauhaw;
nagpapalimos ng pagkain ang mga bata
ngunit wala ni isa mang magbigay sa kanila.
[5] Walang malay na sa mga kalye
ang mga kumain ng masasarap,
nakahandusay sa bunton ng mga abo
ang mga dating nababalot ng purpura.

[6] Malaki pa ang kasalanan ng aking bayan
kaysa pagkakasala ng Sodoma,
na biglang nasawi
kahit walang kamay na dumantay rito.
[7] Dalisay pa sa niyebe ang kanyang mga prinsipe,
mas maputi pa sa gatas;
mapula pa sa koral ang kanilang katawan
at parang sapiro ang kanilang mukha.
[8] Maitim pa sa uling ngayon ang kanilang anyo,
hindi sila makilala sa mga kalye;
naninikit ang balat sa kanilang mga buto,
nangatuyong parang kahoy.
[9] Mapapalad ang nasawi sa tabak,
kaysa nasawi sa gutom,
silang nangayayat at nanghihina
dahil sa kawalan ng mga bunga sa bukid.
[10] Ang mga kamay ng mga maawaing babae
ang nagluto sa kanilang mga anak;
ginawa nila silang pagkain
sa kapahamakan ng aking bayan.

[11] Pinasiklab ni Yawe ang buo niyang poot,
ibinuhos ang kanyang matinding galit;
at sinilaban ng apoy ang Sion
na tumupok sa mga pundasyon nito.
[12] Hindi naniwala ang mga hari sa sangkalupaan,
ni ang mga bansa ng daigdig,
na makapapasok ang kalaban o kaaway
sa mga pintuan ng Jerusalem.
[13] Bunga ito ng pagkakasala ng mga propeta
at ng kabuktutan ng mga pari,
na nagbuhos sa kanya ng dugo ng mga makatarungan.
[14] Bulag na gumala sila sa mga kalye,
nadumihan ng dugo
kayat walang makahipo sa kanilang mga kasuotan.
[15] "Lumayo kayo, may mga marumi!" sigaw ng mga tao;
"Lumayo kayo! Lumayo! Huwag silang hipuin!"
Nagsitakas naman sila at gumagala;
at sabi ng mga tao sa mga bansa,
"Hindi na sila makakatigil sa amin."
[16] Itinapon sila ng mukha ni Yawe,
hindi na sila pinahalagahan;
hindi iginagalang ang mga pari,
ni pinahahalagahan ang matatanda.

[17] Nanlabo ang aming paningin,
bigo kaming nag-abang ng tulong;
naghintay kami sa aming pag-aabang
sa isang bansang di makapagliligtas.
[18] Sinundan nila ang aming mga hakbang
para di kami makalabas sa mga daan.
Malapit na ang aming wakas;
pagkatupad sa aming mga araw
dumating na ang aming wakas.
[19] Mabilis pa sa mga agila sa himpapawid
ang mga humahabol sa amin;
hinabol nila kami sa kabundukan,
tinambangan kami sa mga ilang.
[20] Nahuli sa kanilang mga hukay
ang hinirang ni Yawe sa aming hininga,
siya na aming binanggit: "Sa lilim ng kanyang anino'y
mabubuhay kami sa gitna ng mga bansa."

[21] Magsaya ka at magalak, O dalaga na Edom,
na naninirahan sa lupain ng Us;
daraan din sa iyo ang kopa;
malalasing ka at lilitaw ang iyong kahubaran.

[22] Wala na ang iyong kasalanan, O dalaga na Sion,
hindi ka na pipigiling isang tapon;
ang iyong kabuktutan naman ang parurusahan
O dalaga na Edom,
ibubunyag niya ang iyong mga kasalanan.

**Ikalimang panaghoy**

5 [1] Alalahanin mo, O Yawe, ang nangyari sa amin; masdan at tingnan ang aming kadustaan!
[2] Ibinigay ang aming mana sa mga banyaga, ang aming mga bahay sa mga dayuhan.

3 Naging mga ulila kami, walang mga
ama; parang mga biyuda ang aming mga
ina.
4 Binayaran namin ang aming sariling
tubig, binibili namin ang aming pangga-
tong.
5 Itinaboy kaming may pamatok sa
aming mga leeg; napapagod kami, hindi
makapagpahinga.
6 Inilahad namin ang aming kamay sa
Ehipto at sa Asiria para makakuha ng
tinapay.
7 Wala na ang aming mga magulang na
nagkasala; at kami ang nagdusa sa kani-
lang mga kasamaan.
8 Mga alipin ang naghahari sa amin at
walang magliligtas sa amin sa kanilang
mga kamay.
9 Isinuong namin ang aming buhay sa
pagkuha ng tinapay, dahil sa tabak sa
ilang.
10 Kasing-init ng pugon ang aming balat
dahil sa matinding gutom.
11 Ginahasa ang mga babae sa Sion,
ang mga dalaga sa mga bayan ng Juda.
12 Ibinitin nila ang mga prinsipe; hindi
iginalang ang mga matatanda.
13 Pinapaggiling ang kabataan at nabu-
wal ang mga bata sa bigat ng kahoy.
14 Wala nang matatanda sa plasa ng
lunsod, hindi na tumugtog ang mga kaba-
taan.
15 Nawala na ang kasayahan sa aming
mga puso; naging taghoy ang aming pag-
sayaw.
16 Nahulog sa aming mga ulo ang mga
korona; sa aba namin pagkat kami'y nag-
kasala!
17 Dahil dito'y nagkasakit ang aming
puso, at nanlabo ang aming mga mata,
18 dahil nangungulila ang bundok ng
Sion; gumagala roon ang mga tsakal.
19 Ngunit ikaw, O Yawe, ang maghahari
kailanman; matatag sa lahat ng salinlahi
ang iyong trono.
20 Bakit nga ba lilimutin mo kami, bakit
pababayaan mo kami nang matagal?
21 Pabalikin mo kami sa iyo, O Yawe, at
manauli kami! Gawing panibago ang mga
araw namin gaya ng una!
22 Lubusan mo na ba kaming itinakwil?
Sukdulan na ba ang poot mo sa amin?